ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

CHIOU HO-SHUN
TAIWAN



© Radio Taiwan International

MAHIGIT 23 TAON NANG NAKAKULONG si Chiou Ho-shun, siya ang pinakamatagal nang nakakulong sa Taiwan sa kasong kriminal at siya rin ang may pinakamahabang paglilitis. "Isang mantsa sa kasaysayang ligal ng ating bayan," ang paglalarawan ng kanyang mga abugado sa kaso kamakailan.

Ayon kay Chiou Ho-shun at sa 10 kapwa niyang akusado, tinortyur sila upang paaminin ng kasalanan at pinagkaitan ng karapatang makipag-usap kaninuman sa unang apat na buwan ng pagkakakulong nila. Hindi rin sila pinayagang magkaroon ng abugado noong panahon ng imbestigasyon at interogasyon.

Sa bandang huli, iniurong nina Chiou Ho-shun at ng kapwa niya akusado ang kanilang pag-amin sa kasalanan. Una silang nilitis sa Hukumang Pandistrito kaugnay ng dalawang magkahiwalay na kasong naganap noong 1987: ang pangingidnap at pagpaslang sa isang siyam na taong gulang na batang lalaki na si Lu Cheng at ang pagpaslang kay Ko Hung Yu-lan.

Kinilala ng Mataas na Hukuman na gumamit ang mga pulis ng karahasan at pananakot sa pag-iimbestiga. Hindi inalis bilang ebidensya ang buong pag-amin ng kasalanan kundi yaong mga bahagi lamang ng tapes ng interogasyon kung saan malinaw na maririnig ang mga pang-aabuso sa mga suspek. Ang mga confession ay may mga kontradiksyon at hindi magkakatugma sa mga susing aspeto ng pangyayari.

> "Wala akong pinatay. Bakit ba ang mga huwes ay walang lakas ng loob na pawalan ako ng sala."
>
> Chiou Ho-shun

Hinatulan ng kamatayan si Chiou Ho-shun sa salang panloloob, pangingidnap at pamamaslang noong 1989. Sa 12 inakusahan, siya lang ang hinatulan ng kamatayan.

Nagpabalik-balik ang kaso ni Chiou Ho-shun sa Mataas na Hukuman at Korte Suprema sa 11 beses na muling paglilitis. Sa Taiwan, ang lahat ng kaso ng parusang kamatayan ay dapat kinukumpirma ng Korte Suprema na maaaring magpasyang ibalik sa Mataas na Hukuman ang mga kwestyunableng kaso para sa muling paglilitis kung saan maaaring magsumite ang akusado ng bagong ebidensya (walang limit kung ilang beses ito maaaring gawin).

Noong 1994, naparusahan ang dalawang piskal at 10 opisyal ng pulis na humahawak sa kaso ni Lu Cheng sa salang pagpapaamin ng kasalanan sa pamamagitan ng tortyur. Inamin din ng pulis na noong 2003, pinagtakpan nila at hindi inimbestigahan ang isang bilanggo na umamin sa mga pagpaslang bago siya binitay.

Matapos na muling maideklarang maysala sina Chiou Ho-shun at mga kapwa niya akusado sa ikasampung muling paglilitis sa Mataas na Hukuman noong 2009, nagpasyang muli ang Korte Suprema na may mali sa kaso, at partikular na tinukoy labas pa sa iba ang pag-amin sa kasalanan na nakuha sa puwersa.

Ibinalik ng korte ang kaso sa Mataas na Hukuman para sa ikalabing-isang muling paglilitis. Nguni't noong Mayo 2011, muling pinagtibay ng Mataas na Hukuman ang hatol na kamatayan para kay Chiou Ho-Shun. Matapos ang desisyong ito, sinabi ni Chiou Ho-shun sa korte: "Wala akong pinatay. Bakit ba ang mga huwes ay walang lakas ng loob na pawalan ako ng sala." Noong ika-28 ng Hulyo 2011, natalo si Chiou Ho-shun sa kanyang pinal na apila sa Korte Suprema at noong ika-25 ng Agosto 2011, tinanggihan ng Pangkalahatang Piskal ang

TORTYUR/IBA PANG DI-MAKATAONG PAGTRATO

WALANG PARAAN PARA SA KAPATAWARAN

kahilingang magsampa ng hindi pangkaraniwang apila para sa muling paglilitis. Anumang oras, maaaring bitayin si Chiou Ho-Shun.

Bagama't hindi kasapi ng Nagkakaisang Bansa o UN ang **Taiwan**, niratipika ng gobyerno noong 2009 ang Internasyunal na Kumbensyon hinggil sa Karapatang Sibil at Pulitikal, at nagpasa ng batas para ipasok ang mga probisyon ng ICCPR sa batas, patakaran at kalakarang pambansa. Nakasaad sa mga rebisyon ng Talaan ng mga Batas para sa Kaparaanang Kriminal ng 2003 o Code of Criminal Procedure in 2003 na hindi maaaring magsilbi bilang tanging ebidensya ng pagkakasala ang pahayag ng pag-amin. Ipinagbabawal din ng Code ang paggamit ng korte ng mga impormasyong nakuha gamit ang tortyur bilang ebidensya. Nguni't, tulad ng ipinakikita ng kasong ito, sinasandigan pa rin ang ganuong ebidensya. Nakalagay sa Batas tungkol sa Amnestiya o Amnesty Act ang karapatang humiling ng kapatawaran o pagpapagaan ng hatol nguni't walang nakalatag na pamamaraan upang maisagawa ito. Binibitay ang mga bilanggo habang naghihintay ng desisyon tungkol sa kanilang aplikasyon para sa kapatawaran. Noong Abril 2010, binitay ng Taiwan ang apat na bilanggo, nang hindi ipinapaalam sa mga abugado at kamag-anak, at sa gayo'y tinapos ang suspensyon ng parusang kamatayan mula pa noong 2005. Mula 2000, paulit-ulit na ipinahayag ng gobyerno ang kanyang intensyong alisin ang parusang kamatayan.

KUMILOS NA NGAYON

Umapila sa Ministro ng Hustisya upang:

- Pigilan ang pagbitay kay Chiou Ho-shun sa anumang paraang posible, sa pamamagitan ng korte o iba pa.
- Imbestigahan ang mga report ng tortyur at iba pang di-makataong pagtrato at siguraduhing na hindi kikilanlin sa muling paglilitis ang anumang pahayag na nakamit nang sapilitan.
- Tiyaking muling malilitis si Chiou Ho-shun sa mga paraang umaayon sa mga pamantayang internasyunal ng makatarungang paglilitis.
- Suspindihin ang lahat ng mga pagbitay at ang pagpapataw ng hatol na kamatayan bilang isang hakbang tungo sa ganap na pagtanggal ng parusang kamatayan.
- Rebisahin ang mga batas at baguhin ang mga patakaran at nakasanayang pamamaraan upang matiyak ang makatarungang paglilitis alinsunod sa internasyunal na pamantayan.
- Tiyakin na ang mga nahatulan ng kamatayan ay mabigyan ng epektibong pagkakataon na magamit ang kanilang karapatang humingi ng kapatawaran o humingi ng pagpapagaan ng hatol alinsunod sa internasyunal na pamantayan.


Sulatan ang:
Minister of Justice
Ministry of Justice
No. 130, Sec. 1, Chongqing S. Rd.
Zhongzheng Dist.
Taipei City 100, Taiwan
Email: tyftp@mail.moj.gov.tw

ADPAN
Disyembre 2011
Index: ASA 01/022/2011 Filipino
www.facebook.com/groups/358635539514/

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

DEVENDER PAL SINGH
INDIA



© Amnesty International

Inaresto ng pulis si **DEVENDER PAL SINGH** (kilala rin bilang Davinder Pal Singh Bhullar) sa International Airport ng New Delhi noong Enero 1995 dahil sa paggamit ng mga pekeng dokumeto sa pagbiyahe.

Sinabi ng pulis na kasunod ng pagka-aresto nya sa New Delhi airport, umamin si Devender Pal Singh na sangkot siya sa pambubomba sa Delhi noong 1993 na nagresulta sa pagkamatay ng siyam na tao—isang salaysay na ginawa noong una siyang naditini at wala siyang abugado.

Binawi ni Devender Pal Singh sa bandang huli ang kanyang inaming pagkakasala, at sinabing "pisikal siyang minaltrato, binantaang papatayin nang labas sa pasya ng hukuman (extrajudicial execution) at pinilit na pumirma sa ilang blangkong papel". Naghapag siya ng petisyon sa Korte Suprema tungkol sa paggamit ng "pamimilit at tortyur" sa pagpiga ng sinabing pag-amin ng kasalanan.

Sa kanyang salaysay sa Korte Suprema, sinabi ni Devender Pal Singh na habang patungo siya sa pagdinig sa korte ng mga mahistrado, "sinabihan siya na kung magbibigay siya ng salaysay sa Korte (tungkol sa pagkakatortyur), ipapasa raw siya sa pulisya ng Punjab na papatay sa kanya sa isang engkwentro."

Nilitis si Devender Pal Singh sa ilalim ng Batas hinggil sa Terrorista at Mapanggulong Aktibidad ng 1987 o 1987 Terrorist and Disruptive Activities (Prevention) Act (TADA), isang batas na nagpaso noong 1995 kasunod ng malawakang pagpuna mula sa mga pambansa at internasyunal na organisasyong pangkarapatang pantao dahil ginamit ito sa maling paraan upang makapag-aresto nang walang sapat na batayan, makapagditini at makapagtortyur ng libu-lbong tao. Sa kabila ng pagpaso ng batas, nagpatuloy ang prosekusyon, sa ilalim ng batas na ito, ng mga taong pinaghihinalaang may mga teroristang pagkakasala na nagawa bago 1995.

> **"Nasa akusado ang tungkuling magpakita at magpatunay sa korte na hindi boluntaryo ang pahayag ng pag-amin ng pagkakasala."**
>
> Tugon ng Kataas-taasang Hukuman sa mga alegasyon ng tortyur ni Devender Pal Singh noong Marso 2002

Ang binawing pag-amin ng kasalanan ang nag-iisang ebidensya laban kay Devender Pal Singh. Sa ilalim ng karaniwang batas ng India, tinatanggap lang ang mga pag-amin ng kasalanan bilang ebidensya kung ginawa ang mga ito sa harap ng isang mahistrado ng husgado; hindi tinatanggap yung mga ginawa sa harap ng pulis. Gayunman, ginawa ng TADA na katanggap-tanggap sa paglilitis ang mga pag-amin ng kasalanan sa pulis.

Iniharap si Devender Pal Singh sa isang mahistrado ng husgado na dapat sanang magtiyak kung boluntaryo niyang ginawa ang pag-amin ng kasalanan. Nguni't isa lang ang itinanong ng mahistrado—kung ang salaysay ay itinala sa partikular na petsa. Ni hindi nga aktwal na tiningnan ng mahistrado ang salaysay at pinayagan pa ang mga opisyal ng pulis na makadalo sa pagdinig.

Noong Agosto 2001, idineklara ng isang ispesyal na korte ng TADA na may kasalanan si Devender Pal Singh sa pagsagawa ng teroristang aktibidad na nagbunga ng mga pagpatay, mga pakanang pumaslang at iba't iba pang paglabag at hinatulan siya ng kamatayan. Karaniwan, awtomatikong nirerepaso ng isang Mataas na Korte ang lahat ng hatol na

TORTYUR/IBA PANG PAGMAMALTRATO

MGA ISPESYAL NA KORTE

kamatayan na ipinasa ng isang korteng tagalitis, at may posibilidad na iapila pa sa Korte Suprema, ngunit sa ilalim ng TADA, sa Kataas-taasang Hukuman lang ang pag-aapila.

Kinompirma ng Korte Suprema ang deklarasyong maysala at ang hatol na kamatayan noong Marso 2002. Gayunman, nakita ng isa sa tatlong huwes na walang kasalanan si Devender Pal Singh at nagbigay ng kongklusyon na walang ebidensya para maideklara siyang maysala at ang kaduda-dudang pag-amin ng kasalanan ay di maaaring maging batayan para igawad ang hatol na kamatayan.

Ibinasura ng mga naturang hukom ng Korte Suprema, sa mayoryang 2 laban sa 1, ang isang petisyon para sa pagrepaso noong Disyembre 2002. Noong Mayo 2011, tinanggihan ng Presidente ng India ang isang petisyon para sa kapatawaran pero noong ika 23 ng Agosto 2011, tinanggap ng Korte Suprema ang petisyon para pagaanin ang hatol dahil sa naantalang pagtanggi ng Presidente sa hiniling na kapatawaran.

Pinuprotektahan ng Konstitusyon ng **India** ang karapatang mabuhay. Gayunman, ilang kasalanan kabilang na ang pamamaslang at pakikipagsapakatan para pumatay, ang ilang paglabag kaugnay sa droga at mga paglabag sa ilalim ng batas kontra-terorismo ay may parusang kamatayan. Patuloy ang paggawad ng mga korte ng India ng hatol na kamatayan at di bababa sa 345 katao ang ipinalagay na may sentensyang kamatayan noong katapusan ng 2008. Naganap ang huling pagbitay noong 2004 kasunod ng pitong-taong walang naganap na pagbitay. Walang sinumang binitay mula 1992 sa “paglabag sa ilalim ng kontra-terorismo” pero nananatiling nanganganib mabitay ang walong katao kasama na si Devender Pal Singh dahil sila ay naideklarang maysala sa ilalim ng mga ganoong batas.

KUMILOS NA NGAYON

Umapila sa Punong Ministro na:

- Pigilan ang pagbitay kay Devender Pal Singh sa alinmang paraan.
- Tiyaking muling malilitis si Devender Pal Singh sa paraang umaayon sa mga pamantayang internasyunal ng makatarungang paglilitis.
- Imbestigahan ang kanyang reklamo hinggil sa tortyur at iba pang di-makataong pagtrato at tiyaking hindi kikilalanin sa alinmang muling paglilitis ang lahat ng mga pahayag na natamo sa pwersahang paraan.
- Suspindihin ang lahat ng pagbitay at paggawad ng hatol na kamatayan bilang isang hakbang tungo sa ganap na pag-aalis ng hatol na kamatayan.
- Rebisahin ang mga batas at baguhin ang mga patakaran at nakasanayang pamamaraan upang matiyak ang makatarungang paglilitis alinsunod sa mga internasyunal na pamantayan.

Sulatan ang:
Prime Minister
South Block, Raisina Hill
New Delhi 110 001
Fax: +9111 2301 9545
Email: (via form)
http://pmindia.nic.in/feedback.htm

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

ADPAN
Disyembre 2011
Index: ASA 01/022/2011 Filipino
www.facebook.com/groups/358635539514/

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

YONG VUI KONG
SINGAPORE



© Save Vui Kong Campaign

Inaresto si **YONG VUI KONG**, isang lalaking taga-Malaysia, 19 taong gulang, sa Singapore noong 2007 nang mahulihan ng 47 gramo ng ipinagbabawal na gamot. Maagang tumigil sa pag-aaral si Yong at bumaling sa maliliit na krimen para kumita.

Sa ilalim ng Batas tungkol sa Maling Paggamit ng Droga ng Singapore, ipinalalagay na may kasalanang pagtutulak ng droga ang sinumang mahuling may mahigit sa 15 gramo ng ipinagbabawal na gamot, at parusang kamatayan ang itinakda ng batas na ipapataw dito. Dahil hindi nagawang ipagtanggol ni Yong ang sarili laban sa ipinaratang sa kanya, idineklara siyang maysala ng Mataas na Hukuman noong 2008 at hinatulan ng kamatayan. Walang diskresyon ang korte na magpataw ng ibang hatol o magpataw ng mas mababang parusa.

Umapila ang mga abugado laban sa kanyang hatol nguni't inurong ito ni Yong noong April 2009, at sinabi niyang niyakap na niya ang Budismo at tinatanggap niya ang kanyang pagkakasala. Nagpetisyon si Yong sa Pangulo ng Singapore para sa kapatawaran dahil na rin sa kanyang kabataan ngunit hindi ito pinaburan noong Nobyembre 2009.

Umapila ang abugado ni Yong na si M. Ravi, laban sa hatol kay Yong sa pamamagitan ng pagkwestyon sa konstitusyonalidad ng pagtatakda ng sapilitang hatol na kamatayan para sa pagtutulak ng droga at huminging muli ng pagrepaso ng hukuman sa proseso ng paghingi ng kapatawaran. Pero noong Mayo 2010, tinanggihan ng Korte para sa mga Apila ang paghamon sa konstitusyonalidad ng itinakdang parusang kamatayan para sa pagtutulak ng droga. Ito ang ikatlong pagkakataong ibinasura ang ganoong paghamon mula 1980.

> **"Pag sinasabi nating itinakda ng batas na hatol na kamatayan, nangangahulugan itong walang diskresyon ang huwes. Ipikit ninyo lang ang inyong mga mata... at magbitay. Hindi kailangang tingnan ang konteksto ng tao at iba pa."**
>
> M. Ravi, abugado ni Yong Vui Kong

Itinakda ng korte na ang nakasaad na karapatang mabuhay sa Saligang Batas ng Singapore ay hindi nangangahulugang ipinagbabawal ang di-makataong pagpaparusa at sa pagpapalawig, sa itinakda ng batas na sapilitang hatol na kamatayan. Binalewala nito ang isang patakaran ng customary international law na di nagpapahintulot ng sapilitang hatol na kamatayan dahil ito ay di-makataong parusa o isang paglabag sa karapatang mabuhay.

Iginiit ng aplikasyon ni M. Ravi para sa pagrepaso ng hukuman sa proseso ng paghingi ng kapatawaran na ang kapangyarihang maggawad ng kapatawaran ay nabahiran ng mga komentaryo ng Ministro ng Batas, samakatuwid minaliit ang mga kinikilalang prinsipyo ng makatarungang proseso. Ibinasura ito ng Mataas na Hukuman noong Agosto 2010. Ibinasura rin ng Korte para sa mga Apila ang apila laban sa pasya ng Mataas na Hukuman noong Abril 2011 at ito ay nagbigaydaan tungo sa pagbitay kay Yong.

Maigagawad lamang ng Pangulo ng Singapore ang kapatawaran alinsunod sa payo ng Gabinete at kung gayon, ay limitado ang diskresyon nito sa paggawad ng kapatawaran. Ayon sa ulat, anim na beses pa lamang na naigawad ang kapatawaran para sa hatol na kamatayan sa Singapore mula noong Kalayaan nito sa taong 1965.

ITINAKDA NG BATAS NA HATOL NA KAMATAYAN

PAGKAKAIT NG KARAPATANG WALANG SALA HANGGA'T HINDI NAPAPATUNAYAN

Matagal nang kilala ang **Singapore** sa pagkakaroon ng pinakamataas na per capita rate ng pagbitay sa buong mundo, bagama't bumaba ang bilang ng nabitay sa mga huling taon. Ayon sa mga datos ng gobyerno, tatlong tao ang binitay noong 2007, anim noong 2008, lima noong 2009 at wala noong 2010. May 12 kasalanan na may parusang kamatayan at nakatakda ang sapilitang parusang kamatayan para sa pamamaslang, sedisyon, mabibigat na paglabag kaugnay ng armas at pagpupuslit ng droga. Hindi kabilang ang Singapore sa mga nakiisa sa Internasyunal na Kumbensyon hinggil sa Karapatang Sibil at Pulitikal pero obligado ito, sa ilalim ng customary international law na igalang ang karapatang mabuhay at ang absolutong pagbabawal sa tortyur at iba pang di-makataong pagtrato.

KUMILOS NA NGAYON

Umapila sa Presidente upang:

- Pigilan ang pagbitay kay Yong Vui Kong sa anumang paraang posible, sa korte o sa iba pa.
- Suspindihin ang lahat ng pagbitay at paggawad ng hatol na kamatayan bilang isang hakbang tungo sa ganap na pag-aalis ng parusang kamatayan.
- Rebisahin ang mga batas at baguhin ang mga patakaran at nakasanayang pamamaraan upang matiyak ang makatarungang paglilitis alinsunod sa mga internasyunal na pamantayan, lalong-lalo na yung karapatang maituring na walang sala hangga't hindi napapatunayan.
- Alisin ang itinakda ng batas na sapilitang hatol na kamatayan.
- Iratipika ang International Covenant on Civil and Political Rights.

Sumulat sa:
The President
Office of the President
Orchard Road, Istana
Singapore 0922
Email: s_r_nathan@istana.gov.sg


ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

ADPAN
Disyembre 2011
Index: ASA 01/022/2011 Filipino
www.facebook.com/groups/358635539514/

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

REZA MOHAMMED SHAH BIN AHMAD SHAH

MALAYSIA



© Amnesty International

Inaresto ng pulis si **REZA MOHAMMED SHAH BIN AHMAD SHAH** sa gabi sa ika-14 ng Agosto 2000 sa isang lugar ng mga iskwater sa labas ng Kuala Lumpur. Ayon sa pulis, may dalang plastik bag si Reza Shah na itinapon niya noong tinatawag nila ito.

Nahanap ng pulis ang bag at sabi nila, may laman itong halos 800 gramo ng marihuana. Tumanggi si Reza Shah na may alam siya sa laman ng bag at sinabi niya sa korte na binugbog siya ng mga pulis para pwersahing magsabi ng kinaroroonan niyon.

Pagkaaresto, ikinulong si Reza Shah sa Brickfields Police District Headquarters, isang istasyon ng pulis na paulit-ulit nang inakusahang pinagdarausan ng tortyur at iba pang di makataong pagtrato, at humantong sa kamatayan sa kulungan sa ilang kaso.

Nakulong si Reza Shah habang wala pang paglilitis sa loob ng dalawang taon at nilitis lamang sa wakas noong Agosto 2002. Napatunayan ng Mataas na Hukuman ang kanyang kasalanang pagkakaroon ng 795.3 gramong marihuana sa ilalim ng Batas tungkol sa Mapanganib na Droga ng 1952.

Nakasaad sa Batas na ang sinumang taong nahuling mayroong anumang mapanganib na droga “ay, hangga’t di napapatunayan ang kabaligtaran ay ituturing na talagang may hawak” ng ganoong droga. Sinasabi rin ng Batas na alam ng tao ang katangian ng droga, liban na lamang kung mapapatunayang hindi ito totoo. At ipinalalagay na ang sinumang mayroong mapanganib na droga ay may pagkakasala rin ng pagtutulak ng ganoong droga at igagawad ang naitakdang parusang kamatayan.

Binaliktad ng batas ang karapatan ng suspek na ipalagay na walang kinalaman hangga’t di napapatunayang may kasalanan. Sa ilang kaso, iginawad ng mga huwes ang naitakdang hatol na kamatayan para sa pagtutulak ng droga na may paglilinaw na ang hatol ay batay lamang sa pagkakabaligtad sa batas ng pagpapalagay na walang kinalaman sa krimen imbes na sa pagkakaroon ng katibayan ang prosekusyon na nagpapatunay ng kasalanan nang walang risonableng pagdududa.

> **“Panahon na para tanggalin ang parusang kamatayan sa Malaysia... Walang perpektong sistema ng hustisyang kriminal. Kunin mo ang buhay ng isang tao at pagkalipas ng ilang taon, malalaman mong ibang tao ang gumawa ng krimen. Ano ang magagawa mo?”**
>
> Nazri Abdul Aziz, Ministro sa Batas ng Malaysia, nakareport sa ‘The Online Citizen’, 31 Agosto 2010

Sa kaso ni Reza Shah, pagkakita ng korte na mayroon siyang drogang ganoon karami, wala nang ibinigay ang batas na pagpipilian kundi ang ideklara siyang may kasalanan ng pagtutulak at igawad ang naitakdang hatol na kamatayan, at ganuon nga ang ginawa.

Noong 2006, binaligtad ng Putrajaya Appeal Court ang pasya ng hukumang tagalitis. Tinindigan nitong hindi napatunayan ng prosekusyon na alam ni Reza Shah ang laman ng bag. Idineklarang may kasalanan si Reza Shah sa pagkakaroon ng droga lamang pero hindi sa pagtutulak, at hinatulan siyang makulong sa loob ng 18 taon at mapalo ng10 beses ng baston.

Noong Enero 2009, binaligtad ng Federal Court ang pasya ng Appeal Court bilang tugon sa apila ng prosekusyon, na may konklusyon na hindi nagawang patunayan ni Reza Shah na wala siyang kasalanang pagtutulak ng droga. Ibinalik nito ang parusang kamatayan.

Inubos na ni Reza Shah ang lahat ng ligal na daluyan ng apila. Mula noon, nag-apila na siya sa Hari para pababain ang hatol. Hinihintay pa ang desisyon.

ITINAKDA NG BATAS NA HATOL NA KAMATAYAN

PINAGKAITAN NG KARAPATANG MAITURING NA WALANG SALA HANGGA’T DI NAPATUTUNAYAN

Noong Abril 2011, inanunsyo ng Ministrong Panloob ng **Malaysia** na 441 katao ang binitay mula 1960 at 696 bilanggo ang nakahanay sa mga bibitayin noong February 2011. Naideklarang maysala ang mayorya ng mga nahatulan ng kamatayan sa ilalim ng Batas tungkol sa mga Mapanganib na Droga ng 1952 na nagtakda ng sapilitang hatol na kamatayan para sa pagtutulak. Itinakda rin ang sapilitang hatol na kamatayan para sa pamamaslang. Noong 2009, ipinaabot ng Malaysia sa UN na kinukonsidera nito ang pagpapababa ng maksimum na sentensya para sa pagtutulak ng droga sa habambuhay na pagkakakulong. Hindi pa nararatipika ng Malaysia ang Internasyunal na Kumbensyon hinggil sa mga Karapatang Sibil at Pulitikal o ang Kumbensyon ng UN laban sa Tortyur nguni't ligal na obligasyon nito batay sa kinaugaliang internayunal na batas na ipagbawal ang arbitraryong pagkakait ng buhay, tortyur at di-makataong pagtrato.

KUMILOS NA NGAYON

Umapila sa Hari na:

- Pigilan ang pagbitay kay Reza Shah, sa anumang paraang posible, sa korte o sa iba pa.
- Suspindihin ang lahat ng pagbitay at paggawad ng mga hatol na kamatayan bilang hakbang tungo sa pagtanggal sa hatol na kamatayan.
- Rebisahin ang mga batas at baguhin ang mga patakaran at kalakaran para matiyak ang makatarungang paglilitis ayon sa mga pamantayang internasyunal, partikular na yaong mga batas na bumabaligtad sa pagpapalagay na walang sala hangga't hindi napapatunayan ang pagkakasala.
- Tanggalin ang itinakdang sapilitang hatol na kamatayan.
- Iratipika ang Internasyunal na Kumbensyon hinggil sa mga Karapatang Sibil at Pulitikal.

Sumulat sa:
King and Supreme Head of State
Istana Negara
50500 Kuala Lumpur
Malaysia
Email: via Foreign Minister
(anifah@kln.gov.my)

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

ADPAN
Disyembre 2011
Index: ASA 01/022/2011 Filipino
www.facebook.com/groups/358635539514/

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

LENG GUOQUAN
CHINA


© Private

Hinatulan ng kamatayan si **LENG GUOQUAN**, isang negosyante ng mga pagkaing-dagat, noong ika-16 ng Disyembre 2009 ng Dandong City Intermediate People's Court sa probinsya ng Liaoning. Inakusahan siyang namuno di umano ng isang pangkat na sangkot sa pagpupuslit at smuggling ng droga. Pagkatapos ng hindi makatarungang paglilitis ay nahatulan syang may kasalanan batay sa kanyang pag-amin at testimonya ng ilang saksi na kung hindi man nag-urong ng kanilang mga salaysay ay nagsabing tinortyur sila para tumestigo laban kay Guoquan.

Laging itinatanggi ni Leng Guoquan ang mga paratang sa kanya at sinasabi niyang umamin siya sapagkat tinortyur siya. Ikinulong noong ika-19 ng Enero 2009, sinabi ni Leng Guoquan na tinortyur siya sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi habang nagtatanong sa kanya ang isang ispesyal na yunit ng pulis. Iginapos ng 3 pulis ang kanyang mga kamay sa likod. Itinulak ang kanyang ulo sa pagitan ng kanyang mga binti at pinagsusuntok siya. Sa huli, sinindihan nila ang isang dulo ng nakarolyong papel at isinaksak ang kabilang dulo sa kanyang ilong, tinakpan ang kanyang bibig hanggang sa napilitan niyang singhutin ang apoy. Mula noong Enero 2009, di bababa sa apat na pagkakataong interogasyon at tortyur ang naranasan ni Leng Guoquan.

Ikinulong si Leng Guoquan sa Fengcheng County Detention Centre mula 2009. Noong una'y inirehistro siya sa isang pekeng pangalan (Chen Dong), malamang kaugnay ng pagtatangkang maitago sa abugado at sa pamilya ang kanyang kinalalagyan. Magmula nang madiskubre ng pamilya ang kanyang kinaroroonan, hindi sila pinayagang bumisita sa kanya.

> **"Sa huli, sinindihan nila ang isang dulo ng nakarolyong papel at isinaksak ang kabilang dulo sa kanyang ilong, tinakpan ang kanyang bibig."**

Apat na iba't ibang abugado ang kinuha ng kanyang pamilya upang kumatawan kay Guoquan. Pinilit ng mga awtoridad na magbitiw ang una habang hinadlangan na makipag-usap sa kanya ang ikalawa at ikatlo. Kinalaunan, nakapanayam din siya ng ikaapat na abugado bago ang kanyang unang paglilitis.

Nagsampa ang abugadong ito ng reklamo sa Dandong City Procuratorate noong Hulyo 2009 at sinabing tinortyur ang kanyang kliyente habang nasa kustodya at nanawagan siya para sa isang imbestigasyon. Noong Agosto 2010, naglabas ng kongklusyon ang Liaoning Provincial Procuratorate na walang batayan ang mga alegasyon ng tortyur.

Sa paglilitis, walang pagkakataon ang abugado ni Leng Guoquan na makapagtanong sa mga susing testigo. Inurong ng mga tumestigo ang kanilang dating mga salaysay. Hindi nagbigay ang prosekusyon ng anumang materyal na ebidensya para suportahan ang mga salaysay ng mga testigo na nagsasabing may kasalanan siya.

Sa pagdinig ng kanyang apila noong ika-7 ng Disyembre 2010 sa Liaoning Provincial Higher People's Court, ipinakita ni Leng Guoquan sa korte ang mga peklat sa kanyang ulo, mga pulsuhan at mga binti na ayon sa kanya ay bunga ng tortyur. Sa 56 na saksi na tinawag ng depensa, tatlo lamang ang pinakinggan ng korte. Noong ika-6 ng Mayo, 2011, muling dininig ng korte ng Liaoning ang kaso ni Leng Guoquan dahil sa "kalabuan ukol sa mga pangyayayri" at "kawalan ng ebidensya". Nagsimula ang muling paglilitis nitong ika-10 ng Oktubre 2011.

TORTYUR/IBA PANG PAGMAMALTRATO

PINAGKAITAN NG KARAPATANG MAGKAROON NG ABUGADO

May di kukulangin sa 55 kasalanan, kabilang na ang ilang hindi marahas, tulad ng mga kasalanan na kaugnay ng droga, ang napaparusahan ng kamatayan sa **China**. Libu-libo ang binibitay taon-taon — mas marami pa kaysa pinagsamasama sa buong mundo. Nananatiling lihim ang eksaktong bilang. Noong 2007, binawi ng Kataas-taasang Hukumang Bayan ang kapangyarihang magsagawa ng pinal na pagrepaso sa lahat ng hatol na kamatayan. Maaari nitong aprubahan ang hatol o ibalik ang kaso sa nakababababang korte para sa muling paglilitis. Sa ulat ng mga awtoridad nagbunga raw ito ng malaking pagbaba sa bilang ng pagbitay, ngunit hindi makumpirma ang sinasabing ito. Kapag naaprubahan ng Kataas-taasang Hukumang Bayan ang isang sentensyang kamatayan, sinusundan ito agad ng pagbitay. May probisyon ang Konstitusyon na may karapatang magbigay ng "mga ispesyal na kapatawaran" ang tagapagpaganap nguni't walang proseso para makahingi ng kapatawaran o pagpababa ng hatol ang mga indibidwal. Lahat ng paglilitis, kasama na ang mga nagreresulta sa hatol na kamatayan, ay hindi naaayon sa mga pamantayang internasyunal sa makatarungang paglilitis. Ang conviction rate sa China sa mga kasong kriminal ay halos abot sa 100 porsiyento.

KUMILOS NA NGAYON

Umapila sa mga awtoridad ng China:

- Pigilan ang pagbitay kay Leng Guoquan sa anumang posibleng kaparaanan, sa korte man o sa iba pa.
- Tiyaking magkaroon ng muling paglilitis si Leng Guoquan sa mga kaparaananang naaayon sa mga pamantayang internasyunal ng makatarungang paglilitis, lalo na tungkol sa kanyang karapatang magkaroon ng sapat na tagapayong ligal.
- Imbestigahan ang mga ulat ng tortyur at iba pang hindi makataong pagtrato at tiyaking hindi kikilalanin sa anumang muling paglilitis ang lahat ng mga salaysay na ibinunga ng ganoong pamimilit.
- Suspindihin ang lahat ng mga pagbitay at ang paggawad ng mga hatol na kamatayan bilang isang hakbang tungo sa ganap na pagtanggal ng parusang kamatayan.
- Rebisahin ang mga batas at baguhin ang mga patakaran at kalakaran para matiyak ang makatarungang paglilitis ayon sa mga pamantayang internasyunal.
- Tiyaking may epektibong oportunidad ang mga nahatulan ng kamatayan para gamitin ang kanilang karapatang humingi ng kapatawaran at pagpapagaan ng hatol ayon sa mga pamantayang internasyunal.
- Iratipika ang Internsyunal na Kumbensyon sa Karapatang Sibil at Pulitikal.

Sumulat sa:

President of the Liaoning Provincial Higher People's Court
Liaoningsheng Gaoji Renmin Fayuan
132 Huigongjie, Shenhequ
Shenyangshi 110013
Liaoningsheng
People's Republic of China
Email: lnfy_mygt@chinacourt.org or lng-fjb@126.com

ADPAN
Disyembre 2011
Index: ASA 01/022/2011 Filipino
www.facebook.com/groups/358635539514/

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

ANTI
DEATH
PENALTY
ASIA
NETWORK

HAKAMADA IWAO
JAPAN



© Private

Isinilang noong 1936 at isang dating boksingero si **HAKAMADA IWAO**. Inaresto siya noong 1966 dahil sa pagpaslang at hinatulan ng kamatayan noong1968.

Kasunod ng pagkaaresto kay Hakamada, isinailalim siya ng pulis sa 23 na araw na matinding interogasyon mula ika-18 ng Agosto hanggang ika-9 ng Setyembre 1966. Pinagtatanong siya nang walang pahinga at halos regular na ang 12 oras bawa't araw at sa tatlong okasyon, ang interogasyon ay umabot pa ng 14 oras. "Umamin" siya pagkatapos ng 20 araw at kinasuhan siya pagkatapos ng 3 araw. Sa mga panahong iyon, pumirma siya ng ilang dokumentong diumano'y pangungumpisal niya sa krimen. Pagkatapos pumirma pa siya ng maraming dokumento ng pag-amin, at sa pagkakataong ito ay inihanda ng piskal.

Iniurong ni Hakamada ang kanyang mga salaysay ng pag-amin sa panahon ng paglilitis, at sinabi niyang noong nakaditeni siya, hindi siya pinakain at pinainom ng tubig, hindi siya pinagamit ng palikuran at pinagsisipa't pinagsusuntok pa. Sa isang sulat sa kanyang kapatid, sinabi niyang:

"Idiniin ng isa sa mga nag-iimbistiga ang aking hinlalaki sa ink pad, saka niya itinatak sa nakasulat na rekord ng isang pag-amin at inutusan akong, 'isulat mo ang pangalan mo rito!', sinisigawan ako, sinisipa at pinipilipit pa ang aking bisig."

Nagkaroon lamang ng tatlong maiikling pagkakataon upang makausap ni Hakamada ang iba't ibang abugadong tagapagtanggol bago ang kanyang paglilitis. Sa panahon nang paglilitis ng Pandistritong Hukuman ng Shizuoka noong 1968, nagpahayag ng pagkabahala ang mga huwes na ang mga diumano'y dokumento ng pag-amin na iniharap ng mga nag-aakusa ay hindi boluntaryong pinirmahan ni Hakamada. Sa 45 na dokumento, isa lang ang pinaniwalaang boluntaryong pinirmahan habang idineklarang hindi katanggap-tanggap ang iba pa bilang ebidensya. Idineklara siyang maysala at hinatulan ng kamatayan at pinagtibay ng Korte Suprema ang hatol sa kanya pati ang katumbas na parusa noong 1980.

> **"Hindi ko makumbinsi ang dalawa pang huwes na walang kasalanan si Hakamada kaya kinailangang ideklara kong may sala siya dahil ang mayorya ang gumawa ng desisyon. Sa katunayan labag sa aking konsyensya na isulat ang naturang hatol, isang bagay na hanggang ngayo'y paulit-ulit kong naiisip."**
>
> Kumamoto Norimichi, Huwes ng Shizuoka District Court, 2007

Noong 2007, sinabi ni Kumamoto Norimichi, isa sa tatlong huwes ng Pandistritong Hukuman ng Shizuoka na naggawad sa kanya ng hatol na kamatayan, na naniniwala siyang inosente si Hakamada:

"Sa obhetibong pagtingin, halos walang ebidensyang nagpapakitang siya ang gumawa ng krimeng ito. Subalit, sa simula pa lang, tingin ng imbestigador na may kasalanan talaga siya, kaya, isinagawa ng pulis ang imbestigasyon na may palagay siyang si Hakamada ang may kagagawan ng krimen. Diniteni siya at pinilit na umamin dahil naaresto na siya ng pulis."

Labag sa loob ni Kumamoto Norimichi na hatulan ng kamatayan si Hakamada dahil naniniwala siyang inosente ito: "Hindi ko kayang dalhin ito sa aking konsyensya kaya nagbitiw ako sa pagiging huwes. Pakiramdam ko'y may kasalanan din ako."

Umapila ng muling paglilitis ang mananangol ni Hakamada noong 1981 pero ibinasura ito ng Korte Suprema noong 1994. Isinumiti sa Pandistritong Hukuman ng Shizuoka ang

TORTYUR/IBA PANG PAGMALTRATO

PAGKAKAIT NG KARAPATANG MAGKAROON NG ABUGADO

ikalawang apila para sa muling paglilitis noong 2008. Nakabinbin pa ang apilang ito hanggang ngayon.

Mahigit 45 taon na niyang ipinaglalaban na siya'y inosente, isa si Hakamada sa mga pinakamatagal nang presong nasa death row sa Japan. Inihihiwalay ng kulungan ang lahat ng presong nahatulan ng kamatayan sa Japan. Maliban sa maiikling pagbisita ng kanyang kapatid na babae, ng kanyang abugado at ng piling tagasuporta, nag-iisa lamang sa seldang kinalalagyan si Hakamada ng higit sa 30 taon. Kakikitaan na siya ng mga simtomas ng seryosong pagkasira ng pag-iisip.

Kalakhang nakasalalay ang sistemang hustisyang pangkriminal ng **Japan** sa mga pag-amin sa kasalanan na nakukuha sa sistemang *daiyo kangoku* upang makakuha ng mga conviction. Pinapayagan ng sistemang ito ang mga pulis na magditeni at mag-interogasyon ng mga suspek hanggang 23 araw nang walang panghihimasok ng mga abugado. Sa mga pagkakataong ganito, nakasanayan nang napapaamin sa pamamagitan ng tortyur at iba pang di-makataong pagtrato ang nasasakdal. May siyamnapu't siyam na porsyento na conviction rate ang Japan. May 19 na kasalanan sa Japan na may nakatakdang parusang kamatayan ngunit yun lamang mga convicted sa pagpatay ang napapatawan ng parusang kamatayan. Mahigit 100 katao ang kasalukuyang nakahanay para sa parusang kamatayan. May 37 pagbitay sa pagitan ng 2006 hanggang 2010. Lihim na isinagawa ang lahat ng ito kung saan ang bibitayin ay sinasabihan lamang ilang oras bago ang takdang pagbitay, at ang pamilya ay sinasabihan pagkatapos ng pagbitay.

KUMILOS NA NGAYON

Umapila sa Ministro ng Hustisya:

- Pigilan ang pagbitay kay Hakamada Iwao sa anumang paraang posible, sa korte man o iba pa.
- Tiyaking muling malilitis si Hakamada Iwao sa mga kaparaanang naaayon sa internasyunal na pamantayan ng makatarungang paglilitis.
- Imbestigahan ang mga ulat ng tortyur at iba pang di-makataong pagtrato at pagkakait ng karapatang magkaroon ng epektibong ligal na tagapayo.
- Tanggalin ang sistemang *daiyo kangoku* o iayon ito sa internasyunal na mga pamantayan, kasama na ang paggamit ng elektronikong pagrirekord ng buong proseso ng interogasyon.
- Suspindihin ang lahat ng mga pagbitay at ang pagpapataw ng mga hatol na kamatayan bilang hakbang tungo sa ganap na pagtanggal ng parusang kamatayan.
- Rebisahin ang mga batas at baguhin ang mga patakaran at nakasanayang pamamaraan upang matiyak ang makatarungang paglilitis alinsunod sa internasyunal na pamantayan.

Sumulat sa:
Minister of Justice
1-1-1 Kasumigaseki
Chiyoda-ku
Tokyo 100-8977, Japan
Fax +81 3 5511 7200 (via Public Information & Foreign Liaison Office)

ADPAN
Disyembre 2011
Index: ASA 01/022/2011 Filipino
www.facebook.com/groups/358635539514/

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

HUMPHREY JEFFERSON EJIKE ELEWEKE
INDONESIA



© Private

Noong 2003 inaresto dahil sa kaso ukol sa droga si **HUMPHREY JEFFERSON EJIKE ELEWEKE** (Jeff), mula sa Nigeria, at hinatulan ng kamatayan noong 2004.

Inaresto si Jeff noong ika-2 ng Agosto 2003 sa Jakarta sa kasong pagkakaroon ng droga matapos matagpuan ng pulis ang 1.7 kilo ng heroin sa isang kwartong ginagamit ng isa sa kanyang mga empleyado sa restawran na kanyang pag-aari at pinangangasiwaan.

Kinasuhan siya ng import, export, pagbebenta at pagpupuslit ng droga—mga pagkakasala na maaaring bumagsak sa parusang kamatayan. Subali't walang abugado si Jeff noong panahon ng kanyang pagkaaresto, interogasyon o detensyon. Dinitini siya sa loob ng limang buwan nang walang representasyong ligal, na labag sa Article 14 ng Internasyunal na Kumbensyon hinggil sa Karapatang Sibil at Pulitikal at ng Criminal Procedure Code ng Indonesia na siyang naggagarantiya ng karapatang matulungan at makausap ng abugado. Pumirma ang Indonesia sa Internsyunal na Kumbensyon hinggil sa Karapatang Sibil at Pulitikal noong 2006.

Sinabi ni Jeff na paulit-ulit siyang binugbog sa panahon ng interogasyon. Ayon sa kanya, binantaan siyang babarilin ng mga nagtatanong na awtoridad kung tatanggi siyang pumirma sa mga papeles na naglalahad ng kanyang pag-amin sa salang pagkakaroon ng heroin o kapag tumangging magsangkot ng iba pa. Gayunman, lumalabas sa mga rekord ng paglilitis noong Abril 2004 na ipinahayag ni Jeff na hindi siya dumanas ng anumang pamimilit.

> **"Minamanmanan ng mga pulis "ang mga taong may itim na balat mula sa Nigeria" dahil pinaghihinalaan silang nagtutulak ng droga sa Indonesia."**
>
> Halaw sa husga ng paglilitis sa kaso ni Humphrey Jefferson.

Kasama sa hatol ng paglilitis ang salaysay na minamanmanan ng mga pulis "ang mga taong may itim na balat mula sa Nigeria" dahil pinaghihinalaan silang nagtutulak ng droga sa Indonesia. May pangamba na hindi patas ang proseso ng paglilitis. Itinakda ng ICCPR na dapat bigyan ang bawa't isa ng patas at pampublikong pagdinig ng isang kompetente, malaya at walang kinikilingang tribunal. Tahasang itinakda ng ICCPR ang tungkulin ng mga estado na irespeto at proteksyunan ang mga karapatan ng lahat ng mga indibidwal "nang walang pamimili" tulad ng lahi, kulay, at pagkamamamayan o panlipunang pinagmulan.

Hinatulang maysala si Jeff sa pagkakaroon at pagbebenta ng droga ng Central Jakarta District Court at hinatulan ng kamatayan noong Abril 2004. Pinagtibay ng Mataas na Hukuman noong 2004 ang naunang hatol na sinundan pa ng pagpapatibay ng Korte Suprema noong Nobyembre 2004.

Noong Nobyembre 2004, naiulat na umamin sa pulis si Charles Kanu, alias Kelly, dating may-ari ng restawrang pag-aari ni Jeff na sinadya niyang magtanim ng droga sa loob ng restawran upang maaresto at makulong si Jeff. Kahit na namatay siya sa kulungan pagkatapos ng pag-amin, may ilang taong nagpatunay na nasaksihan nila ang pag-amin ni Charles Kanu habang nakakulong sa mga krimen ukol sa droga. Bahagi ng apila sa Korte Suprema ang salaysay ng mga saksing iyon para sa muling pagsusuri sa kaso ni Jeff nguni't ibinasura noong Setyembre 2007. Sa taon ding iyon, pinagtibay ng korte ang konstitusyonalidad ng parusang kamatayan para sa mga kasalanan kaugnay ng droga.

TORTYUR/IBA PANG PAGMAMALTRATRO

PINAGKAITAN NG KARAPATANG MAGKAROON NG ABUGADO

Kasalukuyang nakakulong si Jeff sa Nusa Kambangan Prison habang naghihintay ng pagbitay. Hindi siya umapila para sa pagpapatawad ng Presidente dahil iginigiit niyang inosente siya at hindi dapat humingi ng pagpapatawad sa isang krimen na hindi naman niya ginawa.

Hindi pa napagtitibay na isang krimen ang tortyur sa Criminal Code ng Indonesia.

Mahigit 100 katao ang nasa death row sa **Indonesia**: ang kalahati ay nahatulan dahil sa pagpuslit ng droga; marami sa kanila ay dayuhan. Sampu ang binitay noong 2008, kumpara sa 11 binitay sa nakaraang dekada. Hindi bababa sa pitong tao ang nahatulan ng kamatayan noong 2010 pero mula 2008, walang naitalang pagbitay. Inamyendahan noong Agosto 2010 ang batas tungkol sa kapatawaran para minsan na lang makakapag-apila sa Presidente ang mga hinatulan ng kamatayan sa loob ng isang taon matapos ang pinal na hatol ng korte. Ipinagbabawal ng Konstitusyon ang tortyur pero laganap ang pagtortyur ng kapulisan at parati pa ring inaasahan ng korte ang mga sapilitang pag-amin ng kasalanan. Maaaring ikulong sa loob ng 231 araw ang mga kinasuhan ng krimeng pwedeng mahatulan ng kamatayan bago sila magkaroon ng paglilitis. May mga matitinding pangamba tungkol sa korapsyon at kakulangan ng kalayaan sa loob ng sistemang pangkatarungan.

KUMILOS NA NGAYON

Umapila sa Attorney General na:

- Pigilan ang pagbitay kay Humphrey Jefferson Ejike Eleweke sa anumang posibleng paraan, sa korte man o sa iba pa.
- Tiyaking muling malilitis si Humphrey Jefferson sa mga kaparaanang ayon sa mga internasyunal na pamantayan sa makatarungang paglilitis.
- Gawing krimen ang tortyur, imbestigahan ang mga ulat ng tortyur at iba pang di-makataong pagtrato at tiyaking hindi kikilalanin sa anumang muling paglilitis ang lahat ng mga salaysay na napiga sa pamamagitan ng pamimilit.
- Suspindihin ang lahat ng mga pagbitay at ang pagpataw ng hatol na kamatayan bilang isang hakbang tungo sa ganap na pagtanggal ng parusang kamatayan.
- Rebisahin ang Criminal Code at ang iba pang mga batas at baguhin ang mga patakaran at kalakaran para matiyak ang makatarungang paglilitis ayon sa mga pamantayang internasyunal.

Sumulat sa:


Attorney General of the Republic
of Indonesia
Jl. Sultan Hasanudin No.1
Kebayoran Baru
Jakarta Selatan 12160
Indonesia
Fax +62 21 725 0213 /
+62 21 739 2576

ADPAN
Disyembre 2011
Index: ASA 01/022/2011 Filipino
www.facebook.com/groups/358635539514/

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

AFTAB BAHADUR
PAKISTAN



© Amnesty International

Inaresto ng pulis si **AFTAB BAHADUR** sa Lahore noong ika-5 ng Setyembre 1992, kasama ang isa pang lalaking suspek sa pamamaslang. Diniteni siya ng pulis sa loob ng ilang buwan nang walang abugado. Karaniwang nasa kostodiya ng pulis ang mga detenido sa loob ng ilang linggo sa bawa't pagkakataon at sa ilang pangyayari, hanggang isang taon habang inihahanda ang mga kaso. Bihira silang mabigyan ng pagkakataon para kwestyunin sa isang korte ang ligalidad ng pagkakakulong o para makapagpyansa.

Noong humarap, sa wakas, si Aftab Bahadur sa korte noong 1993, hindi niya inamin ang kasalanang ibinibintang sa kanya at sinabi niyang dinala siya ng pulis sa pinangyarihan ng krimen at pinilit siyang mag-iwan ng mga marka ng mga daliri. Sinabi rin ng kanyang kapwa akusado na si Ghulam Mustafa na tinortyur siya at pinilit na mag-iwan ng fingerprints. Itinala ng huwes ang kanilang sinabi nang hindi nagkomento.

Hinirang ng estado ang abugado ni Aftab Bahadur para sa paglilitis nguni't ito ay hindi man lamang nagharap ng anumang ebidensya o testigo para depensahan ang kanyang kliyente. Sa Pakistan, madalas na mahina ang pagkakasanay at mababa ang bayad ng mga abugadong hinirang ng estado, at maaaring hindi nila puspusang katawanin ang kanilang kliyente liban kung binabayaran din sila ng akusado.

> **"Tinortyur ako ng pulis, at saka pagkatapos nilang lagyan ng langis ang aking mga kamay, pinalapat ang mga kamay ko sa buong silid kung kaya nakakuha ng mga marka."**
>
> Aftab Bahadur

Nilitis si Aftab Bahadur sa Ispesyal na Korte para sa Mabilis na Paglilitis Bilang 2 sa Lahore noong ika-13 ng Abril ng 1993, idineklarang nagkasala ng pamamaslang at hinatulan ng kamatayan. Ang mga korteng ito ay nakatayo sa pagitan ng 1987 hanggang 1994 na may eksklusibong hurisdiksyon sa ilang piling pagkakasala kabilang na ang pamamaslang at mararahas at di-marahas na mga pulitikal na pagkakasala na maaaring gawaran ng parusang kamatayan. Umiral ito nang labas sa regular na sistemang ligal, pinamunuan ng mga retiradong huwes at pwedeng iapila lamamg ang mga kaso doon sa Special Supreme Appellate Court, na hiwalay pa rin sa karaniwang Supreme Court. Istriktong limitadong oras ang itinakdang haba mula sa pagkakasampa ng kaso hanggang sa paglilitis, ganoon din ang haba ng mga pagdinig at ng proseso ng pag-aapila. Bagama't napawalambisa noong 1994 ang mga batas na nagtatag nitong mga pinadaling korte, may mga taong nananatiling nakakulong na bunga ng mga paglilitis sa mga korteng ito at may hatol na kamatayan ang ilan sa kanila, isa na si Aftab Bahadur.

Umapila si Aftab Bahadur sa Supreme Appellate Court laban sa pagkakahatol sa kanya. Muli, may hinirang ang estado na abugado para kumatawan sa kanya. Ang kanyang aplikasyon para sa pag-apila ay walang petsa at naglalaman lang ng apat na pangkalahatang argumento na nakasulat sa isang pirasong papel: na hindi napatunayan ng prosekusyon ang kanyang pagkakasala nang walang pag-aalinlangan; hindi sapat ang maaasahang ebidensyang ginamit para sa kanyang conviction; inosente si Aftab Bahadur; at ang hatol ng korte ay arbitraryo at nakabatay sa haka-haka.

TORTYUR/IBA PANG PAGMAMALTRATO

MGA ISPESYAL NA KORTE

Pinagtibay ng Korte para sa Apila ang conviction at sentensya noong ika-27 ng Marso 1994. Isinampa ni Aftab Bahadur ang petisyon para sa kapatawaran ng Presidente noong 2010. Kasalukuyan siyang nakaditini siya sa isang kulungan sa Lahore.

Hinahatulan ng kamatayan ng mga korte sa **Pakistan** ang maraming bilang ng tao, kabilang na ang mga kabataan sa kabila ng pangako ng Presidente noong 2008 na pababababain ang lahat ng hatol na kamatayan. Nasa death row ang mahigit 8,000 bilanggo; ang marami sa kanila ay naroon na sa loob ng maraming taon. Pinakamadalas na iginagawad ang parusang kamatayan para sa pamamaslang pero pwede ring maigawad sa 30 iba pang pagkakasala kasama na yaong mga hindi naman humantong sa pakakapagpatay, na nasa labas ng saklaw sa "mga pinakamalalang krimen" ayon sa pagpapakahulugan ng Internasyunal na Kumbensyon sa Karapatang Sibil at Pulitikal. Gumagana ang ang mga korte laban sa terorismo sa labas ng regular na sistemang panghustisya at may malawak na kapangyarihang ibinibigay sa pulisya at mga ahensyang panseguridad. Umiiral ang mga problemang pangsistema sa loob ng sistemang panghustisya kasama na ang korapsyon, kakulangan ng kalayaan at diskriminasyon.

KUMILOS NA NGAYON

Hilingin sa Presidente na:

- Pigilan ang pagbitay kay Aftab Bahadur sa anumang paraang posible, sa korte man o iba pa.
- Imbestigahan ang mga report ng tortyur at iba pang di-makataong pagtrato at siguraduhing hindi kikilalanin sa muling paglilitis ang anumang pahayag na nakamit sa pamamagitan ng sapilitang pag-amin.
- Tiyaking muling malilitis si Aftab Bahadur sa isang regular na korte sa mga kaparaanang naaayon sa mga pamantayang internasyunal ng makatarungang paglilitis.
- Suspindihin ang lahat ng mga pagbitay at ang pagpataw ng hatol na kamatayan bilang hakbang tungo sa ganap na pagtanggal ng parusang kamatayan.
- Ganap na gampanan ang mga obligasyon sa ilalim ng Internasyunal na Kumbensyon hinggil sa Karapatang Sibil at Pulitikal at rebisahin ang mga batas at baguhin ang mga patakaran at nakasanayang pamamaraan upang matiyak ang makatarungang paglilitis alinsunod sa mga internasyunal na pamantayan.

Sumulat sa:
President of Pakistan
Pakistan Secretariat
Islamabad
Pakistan
Fax: +92 5192 04974

ANTI DEATH PENALTY ASIA NETWORK

ADPAN
Disyembre 2011
Index: ASA 01/022/2011 Filipino
www.facebook.com/groups/358635539514/

****This updates *When Justice Fails, Thousands executed after unfair trials*, ASA 01/023/2011, and the individual appeal case on China, Leng Guoquan ****

On 23 November 2011 following a re-trial in the case of Leng Guoquan, the Dandong City Intermediate Court sentenced Leng Guoquan to life imprisonment.

Chinese (Simplified)

最新情况

2011 年 11 月 23 日，丹东市中级人民法院在重审冷国权案后判处他无期徒刑。.

Japanese

アップデート

2011 年 11 月 23 日、冷国权の事件の下記の再審が、丹東市の中級法院で行われ、彼に終身刑が言い渡された。

Urdu

تازہ ترین

تئیس نومبر 2011 کو دوبارہ سماعت کے بعد لینگ گوکوان کو ڈینگڈونگ سٹی انٹرمیڈیٹ کورٹ نے عمر قید کی سزا سنائی ہے۔

Filipino/Tagalog

Bagong Kaganapan

Sa ika-23 ng Nobyembre 2011 pagkatapos ng muling paglilitis sa kaso ni Leng Guoquan, hinatulan siya ng habambuhay na pagkabilanggo ng Intermediate na Korte ng Syudad ng Dandong.

Mongolian

Сүүлийн үеийн мэдээ

2011 оны 11 дүгээр сарын 23-нд Дандонг Хотын Дунд шатны шүүхээс Ленг Гуокангийн хэргийг дахин хэлэлцэж бүх насаар нь хорих ял оноожээ.

Thai

สถานการณ์ล่าสุด

ในวันที่ 23 พฤศจิกายน 2554 ได้มีการพิจารณาไต่สวนคดีอีกครั้งสำหรับคดีของ *Leng Guoquan* และศาลชั้นกลางของเมืองต้านถงได้พิพากษาจำคุกเขาตลอดชีวิต

Indonesian

Kabar terbaru

Pada 23 November 2011 ,menyusul pengadilan ulang dalam kasus Leng Guoquan, Pengadilan Menengah Kota Dandong menjatuhinya hukuman penjara seumur hidup.

Hindi

अपडेट

लेंग गुओगुआन के मुकदमें में सुनवाई के बाद 23 नवम्बर 2011 को, डैगडोंग सिटी इंटरमिडियेट कोर्ट ने उन्हें आजीवन कारावास की सजा सुनाई है ।

Malay

Berita Terkini

Pada 23 November 2011 selepas perbicaraan semula kes Leng Guoquan, Mahkamah Perantara Bandar Dandong telah menjatuhkan hukuman penjara seumur hidup ke atas beliau.

Korean

업데이트

2011 년 11 월 23 일, 단동시 중급인민법원은 렝 구오관 사건의 재심에서 종신형을 선고했다.